# UNANG SUPERBISORYAL NA DISTRITO
# ESPESYAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON
# IKA-1 NG HULYO, 2025
## Mga Madalas na Katanungan (FAQ's)

### MGA IMPORTANTENG PETSA NG ELEKSYON

| | |
|---|---|
| **Ika-22 ng Mayo, 2025** | Ang mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay magsisimulang ipadala sa mga rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito. |
| **Ika-2 ng Hunyo, 2025** | Ang mga balota ay magsisimulang ipakoreo sa mga rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito. |
| **Ika-2 ng Hunyo, 2025** | Ang pagboto sa-opisina ay magsisimula sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon) |
| **Ika-3 ng Hunyo, 2025** | 29 na mga opisyal na ballot drop box ang available araw-araw hanggang sa pinal na araw ng pagboto, Ika-1 ng Hulyo.<br>Ang isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang magiging available sa pahina ng Impormasyon ng Eleksyon sa sdvote.com. |
| **Ika-16 ng Hunyo, 2025** | Deadline upang magparehistro para makaboto. |
| **Ika-17 ng Hunyo - Ika-1 ng Hulyo** | Panahon ng Kondisyonal na Rehistrasyon ng Botante (Conditional Voter Registration). Kung kayo ay lumampas sa deadline ng rehistrasyon, maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa opisina ng Tagapagrehistro o sa alinmang vote center na matatagpuan sa Unang Superbisoryal na Distrito. |
| **Ika-21 ng Hunyo, 2025** | Pitong mga vote center ang bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, na nagbibigay sa mga botante ng sampung magkakasunod na araw ng maagang pagboto. Ang isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang magiging available sa pahina ng Impormasyon ng Eleksyon sa sdvote.com. |
| **Ika-1 ng Hulyo, 2025** | Huling araw para bumoto!<br>Labintatlong mga vote center at 29 na mga opisyal na ballot drop box ang bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. |
| **Ika-31 ng Hulyo, 2025** | Deadline para masertipikahan ang eleksyon.<br>**Maaaring maisagawa ang sertipikasyon sa mas maagang petsa.* |

1. **BAKIT MAY ELEKSYON SA IKA-1 NG HULYO, 2025?**

   Ang espesyal na pangkalahatang eleksyon na ito ay isasagawa upang punan ang bakanteng posisyon sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2029.

2. **SINO ANG PWEDENG BUMOTO SA ELEKSYONG ITO?**

   Tanging mga rehistradong botante lamang na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ang karapat-dapat na bumoto.

   Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean sa kanluran (west), hanggang sa kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa Unang Superbisoryal na Distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, tulad ng Barrio Logan, East Village, Golden Hill at higit pa. Bukod pa rito, kasama sa Distrito 1 ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

   Kung hindi kayo sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 1, maaari ninyong tingnan ito sa sdvote.com.

3. **SAAN KO MAKIKITA ANG AKING PAMPLET NG IMPORMASYON NG BOTANTE NG COUNTY PARA SA IKA-1 NG HULYO NA ELEKSYON?**

   Ang mga Pamplet ng Impormasyon ng Botante ay magsisimulang ipadala sa mga rehistradong botanteng naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito sa Ika-22 ng Mayo. Maaari rin ninyong tingnan ang inyong pamplet online.

4. **MATATANGGAP KO BA ANG AKING OPISYAL NA BALOTA SA KOREO?**

   Oo. Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ay makakatanggap ng balota sa koreo para sa paparating na espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo. Kung pinapanatili ninyong updated ang impormasyon ng inyong adres sa opisina ng Tagapagrehistro, dapat ninyong asahan na matatanggap ang inyong balota sa lingo ng Ika-2 ng Hunyo.

5. **KAILAN ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO SA ELEKSYONG ITO?**

   Lunes, Ika-16 ng Hunyo ay ang deadline upang magparehistro para makaboto sa eleksyong ito.

   Tandaan - kailangan ninyong kumpletuhin ang isang bagong porma ng rehistrasyon tuwing kayo ay lumipat, nagpalit ng pangalan o nagpalit ng preperensyang pulitikal na partido. Maaari kayong magparehistro online sa sdvote.com.

   Ang mga porma ng rehistrasyon ng botante ay available sa Post Office, Department of Motor Vehicle at mga gusali ng aklatan, at ganun din sa iba't ibang mga opisina ng Klerk ng Lungsod at sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 5600 Overland Avenue, San Diego CA, 92123.

6. **PAANO KUNG LUMAMPAS AKO SA DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO?**

   Kung lumampas kayo sa Ika-16 ng Hunyo na deadline, maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal na balota. Para gawin iyon, maaari ninyong bisitahin ang alinmang vote center sa Unang Superbisoryal na Distrito simula sa Sabado, Ika-21 ng Hunyo.

Maaari mo ring bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego sa ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Kapag naproseso na ang inyong rehistrasyon ng botante at naging aktibo pagkatapos ay mabibilang na ang probisyonal na balota.

7. **PAANO KO IBABALIK ANG AKING PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO NA BALOTA?**

Hinihiling ng opisina ng Tagapagrehistro na kayo ay bumoto nang maaga! Markahan ang inyong seleksyon sa ginhawa ng inyong tahanan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng inyong sobreng pagbabalikan ng seguridad, pirmahan ang inyong pangalan at petsahan ang sobre, at ibalik ito agad sa pinagkakatiwalaang source:

- Ibalik ito sa pamamagitan ng koreo para matanggap ito nang maayos bago ang Araw ng Eleksyon.
    - Humanap ng U.S. Postal Service Collection Box (Blue Box) na malapit sa inyo.
- Simula Ika-3 ng Hunyo, ibalik ito sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro.
    - Isang locator map at kumpletong listahan ng mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box ang magiging available sa sdvote.com.

Maaari rin ninyong ibalik ito sa alinmang vote center simula sa Ika-21 ng Hunyo hanggang Ika-1 ng Hulyo. Isang listahan ng mga lokasyon ng vote center ang magiging available sa sdvote.com.

Upang maituring na nasa tamang oras ang inyong nabotohan balota, ang mga sobreng pagbabalikan ng pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at matanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas sa Ika-8 ng Hulyo, 2025.

8. **PAANO KO HAHANAPIN ANG VOTE CENTER NA MALAPIT SA AKIN?**

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa Unang Superbisoryal na Distrito upang botohan ang inyong balota nang-personal. Ang isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ang kasama sa ipinadalang pamplet ng impormasyon ng botante sa inyong tahanan at maaari din ninyong tingnan ito online sa sdvote.com.

Simula Sabado, Ika-21 ng Hunyo, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa pinal na araw ng pagboto, sa Martes, Ika-1 ng Hulyo, may kabuuang labintatlong mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

9. **PAANO KUNG GUSTO KONG BUMOTO NANG PERSONAL GAMIT ANG OPISYAL NA BALOTA NA NATANGGAP KO SA KOREO?**

Ang mga botante na mas gustong bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagmamarka ng kanilang naprintang balota gamit ang bolpen ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagdala ng opisyal na balota na kanilang natanggap sa koreo sa alinman sa mga vote center na matatagpuan sa Unang Superbisoryal na Distrito **simula sa Sabado, Ika-21 ng Hunyo**. Dapat munang mag-check-in ang mga botante sa vote center, punan ang porma ng check-in, at pirmahan ang ePollbook (tinatawag na elektronikong listahan ng mga botante). Kapag ang botante ay nag-check-in, ang barcode sa kanilang sobreng pagbabalikan ng balotang pangkoreo ay awtomatikong masususpinde.

Bibigyan ang botante ng pangsikretong takip (secrecy sleeve) para ilagay and kanilang balota sa loob. Sasabihan ang botante na ilagay ang kanilang balota patungo sa taas ng pangsikretong takip (secrecy sleeve) upang ang sequence number sa itaas ng balota ay makikita ng manggagawa sa botohan. Matatakpan ang anumang namarkahang mga kontest habang ang manggagawa sa botohan ay gagawa ng mga hakbang upang matiyak na ang balotang dinala ng botante ay sa katunayan na tamang uri ng balota ng botante.

Ang sequence number ay isang apat-na-digit na numero na tumutukoy sa presinto ng botante at uri ng balota. Ito ay nagrerepresenta sa tinukoy na geographic boundary na nag-determina kung aling mga kontest ang nasa balota para sa mga botante sa isang partikular na lugar.

Ang botante ay ididirekta sa isang istasyon ng pagboto upang markahan ang kanilang balota gamit ang bolpen o marker na ibinigay ng manggagawa sa botohan o kung namarkahan na ng botante ang kanilang balota bago dumating sa vote center, ididirekta sila sa check-out station upang ihulog ng manggagawa sa botohan ang kanilang balota sa ballot box. Hindi na kailangan ng sobre dahil nag-check-in ang botante at pinirmahan ang ePollbook.

Kapag nailagay na ang balota sa loob ng ballot box, walang paraan upang maiugnay kung paano bumoto ng partikular ang botante. Ang kanilang balota ay ganap na hindi makikilala.

Matuto nang higit pa: Anong Aasahan sa isang Vote Center

**10. KAILANGAN BA NG COUNTY NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN?**

Ang mga manggagawa sa botohan ay may mahalagang papel sa mga eleksyon at maaaring maglingkod sa kanilang komunidad habang kumikita ng karagdagang pera. Upang maging isang manggagawa sa botohan, ang mga aplikante ay dapat na 18 taong gulang, isang mamamayan ng U.S. at nakarehistro para bumoto sa California, o legal na natanggap para sa permanenteng paninirahan sa United States.

Ang mga nagsasalita ng English na bilingguwal sa Chinese, Filipino, Laotian, Spanish, o Vietnamese ay kinakailangan para makapagsilbi bilang mga manggagawa sa botohan.

Kung kayo ay interesado na magsilbi sa inyong komunidad sa pamamagitan ng pagiging isang manggagawa sa botohan o nais lang na matuto nang higit pa, mangyaring bisitahin ang aming pahina ng Maging isang Manggagawa sa Botohan o tumawag sa (858) 565-5800.